



# Pagpapasuri para sa sakit na COVID-19 sa Alameda County: Mga Katanungan at Kasagutan

Ginagawa ng Alameda County ang lahat upang pangalagaan ang kalusugan ng ating mga komunidad laban sa sakit na COVID-19. Ang Kagawaran ng Kalusugang Pampubliko (Public Health Department) ng Alameda County ay nakikipagtulungan sa mga lokal na pinuno, mga tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan (health care provider) at mga lingkod-bayang pang-emerhensya (first responder) upang bumuo ng maayos na paraan ng pagpapasuri o testing at karagdagang test o follow-up.

Ang ating unang hakbang ay tiyaking ang mga taong kakikitaan ng sintomas ng COVID-19 o nasa panganib na mahawa o magkasakit nang malubha ay kaagad na masuri. Makakatulong itong mapanatili ang kaligtasan nating lahat.

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring bahagya lamang o sadyang malubha at magkakaiba ito sa bawat tao.

Kabilang sa mga sintomas ang sumusunod:

- Ubo
- Hirap sa paghinga
- Lagnat
- Panginginig sa ginaw
- Sakit ng kalamnan
- Namamaga o masakit na lalamunan
- Bago: Kawalan ng panlasa o pang-amoy

Nagsisimula ang mga sintomas 2-14 na araw matapos ang kontak o pagkapit ng virus. Ang ibang taong may virus ay maaaring hindi makaramdam ng anumang sintomas. Karamihan sa mga taong kinakapitan ng virus ay nakakaranas lamang ng bahagyang sintomas at gumagaling nang hindi nangangailangan ng mahabang gamutan o serbisyong medikal.

Kung alam mong may posibilidad na nahawa ka o nakahalubilo mo ang isang taong may COVID-19 ngunit wala kang nararamdamang sintomas, maaaring makipag-usap ka sa iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan o sa isang kawani ng opisina ng kalusugang pampubliko tungkol sa pagpapasuri.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa **COVID19 testing** sa Alameda County:

<https://tinyurl.com/yakefsmj>

Ang mga sanggunian para sa mga residente ng Alameda County ay maaaring makita rito:

<https://tinyurl.com/ycelmqr6>



## **Narito ang mga kasagutan sa karaniwang mga tanong tungkol sa pagpapasuri para sa sakit na COVID-19:**

### **1. Kailangan ko bang magpasuri para sa sakit na COVID-19?**

Ang iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan ay makakatulong sa iyo para malaman mo kung kailangan mong magpasuri. Komonsulta sa iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan kung nakakaramdam ka ng mga sintomas ng COVID-19 o nasa panganib na mahawa o magkasakit ka ng COVID-19.

Maaaring maging prayoridad o bigyan ng karapatang mauna sa pagpapasuri ang:

- Mga taong 65 taong gulang o mas matanda pa
- Mga taong may kronik o pangmatagalang karamdaman na nagsasapanganib sa kanila na mahawa at magkaroon ng malubhang sakit na COVID-19
- Mga empleyadong nasa serbisyong pangkalusugan, mga lingkod-bayang pang-emerhensya, mga empleyadong nagbibigay ng serbisyong panlipunan (social service), mga manggagawa sa utility, mga manggagawa sa groseri, mga manggagawa sa mga negosyong may kaugnayan sa supply ng pagkain, at iba pang empleyado ng mga pampublikong tanggapan
- Mga taong nakatira sa sisikan o mataong tirahan

### **2. Paano kung wala akong doktor o tapagbigay ng serbisyong pangkalusugan o health insurance?**

Mangyaring tingnan ang website ng Alameda County (<https://tinyurl.com/yakefsmj>) upang makita ang listahan ng mga sentro ng pagpapasuri o testing site na mapupuntahan ng mga taong walang insurance.

Maaaring bayaran ng estado (state) ang iyong pagpapasuri, ngunit **may mga takdang sentro ng pagpapasuri o testing site lamang na nagbibigay ng libreng pagsusuri.**

**Hindi kayo tatanungin tungkol sa inyong katayuang pangmigrasyon o immigration status.**

Kung ang taong nagpapasuri ay mayroong medical insurance, maaaring singilin ang kumpanya ng inyong medical insurance para bayaran ang inyong pagpapasuri.

### **3. Kailangan ko bang mag-iskedyul ng appointment?**

Oo. Ang mga sentro ng pagpapasuri ng COVID-19 ay mayroong sistema ng pagtatakda ng iskedyul ng **takdang araw ng konsultasyon o appointment at referral o takdang araw ng pagsangguni** para tiyaking may ligtas na layong pisikal o social distancing doon at siguraduhing maibibigay nila ang pinakamahusay na serbisyong pangkalusugan sa lahat.

### **4. Paano gagawin sa akin ang pagsusuri para sa sakit na COVID-19?**



Maaaring imungkahi ng iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan na gawin sa iyo ang isang viral test na magpapakita kung mayroon kang impeksyon sa kasalukuyan.

Ang viral test para sa COVID-19 ay karaniwang ginagawa sa pamamagitan ng paggamit ng isang mahabang swab para mabilis na pahiran ang loob ng iyong ilong. Pagkatapos, ang swab ay ipapadala sa isang laboratoryo na magpoproseso nito para makita kung mayroong virus sa swab.

## 5. Ano ang antibody testing?

Ang mga antibody ay tumutulong sa iyong katawan para labanan ang impeksyon. Ang **antibody** test ay nagpapakita kung nagkaroon ka na ng impeksyon dati. Maaaring abutin ng 1-3 linggo matapos kang magkaimpeksyon bago magkaroon ng mga antibody sa iyong katawan.

Hindi pa malinaw ngayon kung ang mga antibody test ay nakakapagpakita ng kasalukuyang pagkakaroon ng sakit na COVID-19. Hindi namin ito inirerekomenda maliban kung gagawin ito para sa pananaliksik. Sa ngayon, ang mga viral test ang pinakamabuting paraan ng pagsusuri para lubos na maintindihan kung anong uri ng pangangalagang pangkulusugan ang maaaring kailanganin mo.

## 6. Kailan ko makukuha ang resulta ng pagsusuri?

Ang resulta ng pagsusuri ay karaniwang nakukuha sa loob ng ilang araw.

Makabubuting tumawag sa iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan pagkatanggap mo ng resulta ng pagsusuri. Matutulungan ka nilang bumuo ng plano ng pangangalagang pangkalusugang angkop sa iyong mga pangangailangan.

## 7. Ano ang dapat kong gawin habang hinihintay ko ang resulta ng pagsusuri?

Habang naghinihintay ka ng resulta ng pagsusuri, maaaring payuhan ka ng iyong doktor o tagapagbigay ng serbisyong pangkalusugan na manatili sa bahay at ibukod ang sarili mo sa ibang taong kasama mo sa bahay.

Kung may sakit ka, ang tawag dito ay *isolation*. Kung wala kang sakit ngunit may posibilidad na nahawa ka, ang tawag dito ay *quarantine*.

Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa *isolation* at *quarantine* dito:

<https://tinyurl.com/ycgqpx98>

## 8. Mayroon bang sentro ng pagpapasuri o testing site sa aking lugar?

May mga sentro ng pagpapasuri o testing site (<https://tinyurl.com/yakefsmj>) na ilang milya lang ang layo sa bawat lungsod sa Alameda County.

Ang mga sentro ng pagpapasuri o testing site ay nasa mga lugar na itinuturing na may pinakamatinding pangangailangan nito dahil sa:

- Mataas na bilang ng mga kaso ng COVID-19



- Malaking populasyon ng mga taong may kronik o pangmatagalang karamdaman o kondisyong medikal na nagsasapanganib sa kanilang mahawa o magkaroon ng malubhang sakit na COVID-19
- Mataas na antas ng bilang ng mga taong limitado ang akses o walang akses sa serbisyong pangkalusugan
- Mataas na antas ng bilang ng mga taong walang insurance

### 9. Ligtas ba ang sentro ng pagpapasuri o testing site na malapit sa akin?

Ligtas ang mga sentro ng pagpapasuri o testing site. Ang mga taong nagtatrabaho doon ay may sinusunod na mga tuntunin o patnubay sa pagpapanatili ng lugar na malinis at ligtas para sa lahat.

- Pagtatakda ng layong pisikal at kontroladong trapiko
- Pagsusuot ng guwantes at proteksyon sa mukha o mask
- Paggamit ng mga disinfectant para linisin ang lugar
- Pagbibigay ng sapat na impormasyon sa mga taong pumupunta doon tungkol sa mga tamang paraan ng pagpapanatili ng kaligtasan at pag-iwas sa sakit o pagkahawa

### 10. Sino ang namamahala sa mga sentro ng pagpapasuri o testing site?

Ang bawat sentro ng pagpapasuri o testing site ay pinamumunuan ng isang organisasyong pangkomunidad at ng isang punong-abalang tagapagbigay ng serbisyong medikal (lead clinical care provider) na nakikipagtulungan sa mga lokal na serbisyong pampubliko para tiyakin ang kalusugan at kaligtasan sa bawat sentro o testing site.

- Tinitiyak ng komunidad na punong-abala o host site na mayroong ligtas at madaling puntahang lugar ng pagpapasuri
- Tinitiyak ng mga tagapagbigay ng serbisyong pagkalusugan sa komunidad na mayroong de-kalidad na serbisyo o pangangalagang medikal
- Tinitiyak ng mga kawani ng Kalusugang Pampubliko na mayroong angkop na pakikipag-ugnayan at follow up
- Tinitiyak ng mga pulis at iba pang lingkod-bayang nangangalaga sa kaligtasan ng publiko na maayos ang daloy ng trapiko at ligtas ang kapaligiran
- Tinitiyak ng mga lokal na boluntaryo na mayroong damdamin ng paggalang at pagtulungan sa kapaligiran
- Ang mga sentro ng pagpapasuri o testing site ay hindi nagtatanong tungkol sa katayuang pangmigrasyon o immigration status